Magandang umaga, welcome sa Carson – ang Hiyas ng South Bay! Pakisamahan ako sa isang espesyal na paglalakbay habang binibisita natin ang lahat ng lugar at mukha na nagpapakinang sa Carson

Habang nililibot natin ang aming lungsod, pag-uusapan natin ang mga hamong hinarap namin at ang mga tagumpay na ipinagdiriwang namin. Ang Carson ang aming tahanan, puso, at komunidad-- walang katulad ang lugar na ito.

Noong 2020, tumanggap ako, hindi lang ng isang tungkulin, kundi ng isang misyon:
akayin ang Carson sa isang mas maliwanag at mas magandang kinabukasan. Hindi ito naging madali, lalo na nang magkaroon ng pandemya at ilang mahihirap na pagkakataon gaya ng sunog sa bodega at emergency sa Dominguez Channel.

Pilot: Mayor, handa na kami para sa isang nakakamanghang biyahe. Tandaan, hindi lang mga tao ang umaasa sa iyo ngayon – nasa kamay mo ang pangarap at kuwento nila.

MAYOR: Sige, Kapitan, simulan na natin ito at lumipad na! Habang lumilipad tayo sa Carson, alalahanin natin kung saan tayo galing at maging excited kung saan tayo pupunta. Sabi nila, para talagang makilala ang isang lugar, kailangan mong makita ito sa bawat anggulo. Malapit na nating makita ang Carson mula sa isang pananaw na kasing dynamic ng ating komunidad.

Maligayang pagsakay! Nasa ibaba natin ang isang lungsod na pinagkaisa ng kasipagan, pangarap, at dedikasyon ng bawat residente ng Carson. Ang bawat sulok ng ating lungsod ay may kuwento ng katatagan, pagbabago, at sama-samang dedikasyon sa isang mas magandang kinabukasan.

Ang saya ng biyahe — Ito ang Dignity Health Sports Park. Hindi lang ito tahanan ng LA Galaxy; simbolo ito ng masiglang espiritu at pandaigdig na presensya ng Carson, kung saan inaabot ang mga pangarap at ibinibigay ang mga tagumpay.

Pinapasulong natin ang Carson patungo sa isang hinaharap na may sustainability, innovation, at inclusivity. Ang ating mga proyekto sa imprastraktura, inisyatibo para sa kapaligiran, pagpapaunlad ng pabahay, at mga estratehiyang pang-ekonomiya ay itinataguyod ng bawat residente. Kapana-panabik na panahon ito sa Carson!

Habang papalapit ang 2028 LA Olympics, maghahanda tayo para sumikat. Sama-sama nating sasalubungin ang mundo at ibabahagi ang ating kuwento — isang lungsod na ang bawat hakbang ay umaakay sa kadakilaan.

Tungkol sa pagdadala ng mundo sa ating lungsod, sa taong ito, nagkaroon ng karangalan ang Carson na tanggapin si Lionel Messy, ang pinakasikat na manlalaro ng soccer sa buong mundo, sa Dignity Health Sports Park. Para sa Carson, nakaka-proud ang pagbisita niya – nagkaroon tayo ng pagkakataong ipakita ang kakayahang nating mag-host ng mga internasyonal na icon at pagkaisahin ang mga tao sa pamamagitan ng pangkalahatang wika ng sports.

Bago ako magpatuloy, gusto kong pasalamatan ang pamilya ko--ang asawa kong si Harry, ang aking anak kong sina Kesha at Deshon, at lahat ng apo ko, na ang pagmamahal ay patuloy na nagiging gabay ko. Isang pribilehiyo na maglingkod bilang mayor ninyo at hindi ako titigil sa pagtatrabaho para sa inyo.

Ipinaaabot ko ang taos-pusong pasasalamat sa aking mga kasamahan — Mayor Pro Tem Dr. Jawane Hilton, Konsehal Cedric Hicks, Konsehal Jim Dear, Konsehal Arleen Rojas, ating Ingat-yaman ng Lungsod na si Monica Cooper, ating Klerk ng Lungsod na si Dr. Khaleah Bradshaw, Abogado ng Lungsod na si Sunny Soltani at ang ating Executive team at lahat ng empleyado ng lungsod, na pumapasok sa trabaho araw-araw para patatagin ang lungsod natin.

Ang pagpunta ninyo ngayong araw, at araw-araw, ay isang katibayan ng espiritu ng pagtutulungan na tumutulong sa ating lungsod na sumulong.

Ngayon ay nagsasama-sama tayo...para pag-isipan ang pag-unlad na nagawa natin, at asahan ang plano ko para sa kinabukasan ng Carson.

Noong nahalal ako, nangako akong pagbubutihin at pagagandahin ang imprastraktura ng lungsod natin. Ikinalulugod kong iulat na naglaan tayo ng $32 milyong dolyar para pagandahin ang ating mga kalye, bangketa, at pagtapal sa mga butas sa kalsada. Ito ang kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng lungsod na gumawa kami ng ganoong malaking alokasyon. Ang proyektong ito ay hindi lang para sa ngayon, para din ito sa paghahanda para bukas at sa hinaharap ng bawat residente ng Carson.

Ang kaligtasan ang pangunahin kong priyoridad. Ngayon, ipinagmamalaki kong iulat na magsasagawa tayo ng proyekto na mahigit $5 milyong dolyar para sa mga high-definition na security camera sa lahat ng mga parke ng lungsod natin at na-install na ang mga camera sa lahat ng pasukan sa lungsod.

Kaya kung pupunta ka sa Carson para gumawa ng krimen at sa tingin mo ay walang makakakita sa iyo... Nakikita kita!

Bilang karagdagan, nag-install tayo ng mga speed trailer para subaybayan ang bilis ng pagpapatakbo mo sa ating apat na distrito ng konseho. Kami ng mga kasamahan ko ay nangangako na gagawin namin ang Carson na isang lugar kung saan ang mga pamilya at bisita ay makadarama ng kapanatagan at seguridad.

Ang mga walang tirahan ay isang isyu na nakakaapekto sa lahat ng lungsod. Ang lungsod natin ay aktibong tumutugon dito, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng makabagong solusyon sa tulong ng ating bagong Public Safety Engagement Team (Grupo Para sa Kaligtasan ng Publiko). Ang team na ito ay nangunguna sa ating mga pagsisikap na tulungan ang mga walang bahay.

Mula nang mabuo ito, napakalaki na ng nagawa ng dibisyon, kabilang ang matagumpay na paglalagay ng 40 indibidwal na walang bahay sa pansamantala at permanenteng pabahay. Ang team na ito ay dapat papurihan para sa kanilang pagsisikap at dedikasyon. Sulit ang pera na inilaan ng Konseho ng Lungsod.

Noong 2023, gumawa ng mahusay na hakbang ang konseho ng lungsod para protektahan ang mga residente ng Mobile Home park sa pamamagitan ng pag-apruba sa Mobile Home Park Overlay District. Ang pangakong ito mula sa Konseho at mula sa akin, ay tumitiyak na ang aming mga residente ng mobile home park ay may abot-kayang tirahan. Ang mga may-ari ng mga mobile home park ay dapat nang humingi ng pagbabago sa zoning para sa muling pagpapaunlad at dapat ding magbigay ng katulad at abot-kayang mga tahanan.

Determinado akong panatilihin ang iba't iba at inclusive na pabahay ng Carson, para matiyak na ang lahat ay mayroong sariling tahanan.

Ang 2023 ay isang mahalagang taon para sa ating mga beterano. Pinangunahan ko ang isang Resolusyon na malaking ebidensiya ng dedikasyon natin para sa mga naglingkod sa ating bansa. Nakapokus ang resolusyong ito sa pagpaparami ng pabahay ng mga beterano... Dahil determinado akong tiyakin na ang ating mga beterano ay bahagi ng isang komunidad na tunay na nagpapahalaga at sumusuporta sa kanila.

Sa mga residente ng komunidad ng Carriage Crest Park, malapit na ninyong ma-enjoy sa isang bagong parke. Dinagdagan namin ang 4 na ektaryang parke na ito at ginawang 15 ektarya. Isipin ito – bagong baseball at soccer field. Kasama rito ang parke para sa aso, basketball at pickle ball court, bagong concession stand, banyo at iba pang amenities. Lahat ito ay naging posible sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng $13 milyong gawad ng estado na may karagdagang $3 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo ng lungsod.

Sa komunidad sa paligid ng Foisia Park, narinig ang inyong tinig at ang pagbabagong naisip ninyo ay nangyayari. Pinagbubuti namin ang lahat — mula sa mga picnic area na may lilim hanggang sa mga ilaw para sa lugar para sa sports. Magkakaroon ng bagong lugar ng palaruan ng mga bata, entablado ng komunidad, karatula ng park marquee at isang pinagandang outdoor na lugar ng ehersisyo. Nakatanggap kami ng $4.2 milyong dolyar na gawad ng pederal para isakatuparan ang proyektong ito.

Gumawa ako ng rekomendasyon, at sinuportahan ito ng aking mga kasamahan...lahat ng bayad sa pagpaparehistro sa sports ng kabataan sa Carson ay libre na! Gusto kong pasalamatan ang Faring Capital para sa mapagbigay na donasyon na $350 libong dolyar. Ang pondong ito ay gagamitin sa pagbili ng mga uniporme sa sports ng mga kabataan. Gusto kong bumalik ang lahat ng anak natin sa mga parke!

Wow! Maglaan tayo ng ilang sandali para ipagdiwang ang isang mahalagang achievement para sa Carson. Ang pondo ng ating lungsod ay umabot sa $222 milyon, na pinakamalaking pondo sa kasaysayan nito. Sa tingin ko, dapat itong palakpakan... Ito ang <u>*una*</u> sa 55-taong kasaysayan ng ating lungsod!

Sa ilalim ng pamumuno ko at mga direktiba sa mga tauhan, pinatibay namin ang pondo ng Carson na hindi pa kailanman nangyayari. Ang prinsipyo ko ay ang pagiging patas. Noon pa man ay pilosopiya ko na dapat ibigay sa lahat ang nararapat sa kanila. Gusto kong muling magpokus sa mga hakbang na nagpangyari nito:
Measure K- ang buwis sa transaksyon at paggamit
Measure R- ang buwis ng gumagamit ng utility
Measure C- ang buwis sa negosyo ng langis...

At tingnan ang resulta. – Gusto kong personal na pasalamatan ang ating mga residente, na bumoto at sumuporta sa mga hakbang na ito. Gayundin, ang MPT, si Dr. Jawan Hilton, CM Cedric Hicks, ang ating Abogado ng Lungsod na si Sunni Soltani, ang ating Manedyer ng Lunsod at mga tauhan sa pagsuporta at pagsusumikap para maisakatuparan ang aking tunguhin. Para mas madaling maintindihan, bago ang 2020, pinanatili ng Lungsod ang surplus sa budget na humigit-kumulang $20 milyon. Ngayon, sa ilalim ng aking pamumuno, at suporta ng aking mga kasamahan, ang ating pondo ay pinakamataas sa kasaysayan. Para ito sa isang Carson na hindi lang umuunlad ngayon, kundi pati sa hinaharap.

Sa ngayon, nakatanggap kami ng humigit-kumulang $87 milyon mula sa hindi nabayarang buwis mga negosyo sa langis. Gusto kong personal na pasalamatan ang ating mga residente, na bumoto at sumuporta sa mga hakbang na ito. Gayundin, ang MPT, CM Hicks, ang ating Abogado ng

Lungsod, ang Manedyer ng Lungsod at mga tauhan ng lungsod sa pagsuporta at pagsisikap na maisakatuparan ang aking pananaw

Para mas madaling maintindihan, bago ang 2020, pinanatili ng Lungsod ang surplus sa budget na mga $20 milyon. Ngayon, sa ilalim ng aking pamumuno, ang ating pondo ay pinakamataas sa kasaysayan, $223 milyon. Lahat ito para sa pagbuo ng isang Carson na hindi lang umuunlad ngayon, kundi nakahandang magtagumpay pagdating sa pananalapi sa hinaharap.

Kumikilos ang Carson, at mayroon tayong ilang malalaking panalo na gustong ibahagi...

Una, ang Lomita Boulevard ay magkakaroon ng pagbabago, salamat sa isang $2 milyong dolyar na gawad mula sa Assembly Bill 102 (Batas ng Pagtitipon 102 ). Pagkatapos, nandiyan ang inisyatibo ko para sa kapaligiran... "Ang Urban Forestry Master Plan (Plano sa Kagubatan sa Lungsod)." Sa tulong ng $1 milyong dolyar mula sa USDA Forest Service (Serbisyong Panggubat), ang gawad na ito ay tutulong sa amin na magtanim ng mga puno sa buong lungsod. Bilang karagdagan, ipinagmamalaki namin ang mga tumanggap ng "Conserving Black Modernism Grant (Gawad sa Pag-iingat sa mga Itim)" mula sa National Trust for Historic Preservation (Pambansang Trust para sa Pagpapanatili ng Kasaysayan)...

Ang $150,000 na gawad na ito ay magpopondo sa paggawa ng isang Historical Structure Report (Ulat ng Makasaysayang Istruktura) para sa Carson City Hall (Bulwagang Panlunsod). Kinukumpirma nito ang aming dedikasyon sa pag-iingat ng mayamang arkitektura at pamana ng kultura ng aming lungsod.

Ngayon, patuloy naming pinapatibay ang ugnayan namin sa trabaho ng Cal State University, Dominguez Hills. Noong 2021, ipinangako namin ang aming dedikasyon sa pakikipagtulungan sa isa't isa sa pamamagitan ng pagsisimula ng "Town and Gown Promise (Pangakong Town at Gown)" na sinundan ng Small Business Growth Academy (Akademya ng Paglago ng Maliliit na Negosyo) noong 2022. Ngayon, ipinagmamalaki kong sabihin na sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ang aking Mentorship Program Initiative (Inisyatibo sa Paggabay), sa pamamagitan ng paglalaan ng $100,000 para ang mga estudyante ay 'kumita habang sila ay natututo.' Ang programang ito ay ang pangako namin na suportahan ang mga magiging pinuno sa hinaharap.

Salamat, Dr. Thomas Parham, at sa iyong mga tauhan sa pakikipagtulungan sa akin sa pagsasakatuparan nito.

Ngayong taon, nakaabot ang Carson sa iba't ibang kontinente para bumuo ng isang espesyal na ugnayan sa Lungsod ng Ah-ka, Nigeria. Malaking hakbang ito para sa atin, na gawing pandaigdig ang Carson. Nagbubukas tayo ng mga pinto sa mga bagong pagkakaibigan, mas

magandang paraan ng pamumuhay, at mas magandang hinaharap. Nasasabik tayong makita kung saan tayo dadalhin ng paglalakbay na ito.

Habang nagpopokus tayo sa mga kapana-panabik na pagsulong sa ating mga proyekto sa Innovation & Sustainability (Inobasyon at Pagiging Tuloy-tuloy), nangunguna tayo sa isang rebolusyon sa enerhiya dito mismo sa Carson. Ipinagmamalaki naming ipaalam ang ilang malalaking renewable solar energy na proyekto sa pakikipagtulungan sa Prologis at sa Clean Power Alliance (Alyansa ng Malinis na Enerhiya).

Malapit na nating simulan ang komersyal na operasyon ng tatlong pivotal solar installation na may pinagsamang kapasidad na higit sa 3 megawatts. Ang renewable energy na nagawa mula sa mga proyektong ito ay direktang magsusuplay ng kuryente sa ating lokal na grid... kaya nababawasan ang pagkalugi ng transmission, napapaunti ang mga pagkaantala, at napapababa ang greenhouse gas emissions.

2132 E. Dominguez St, Carson CA (0.96 megawatts) (District 3)
22351 South Wilmington Ave, Carson CA (1.8 megawatts) (District 4)
22673 South Wilmington Ave, Carson CA (0.6 megawatts), (District 4)

Pero hindi lang iyan. Pagdating ng 2025, may mga plano para sa tatlong karagdagang proyekto ng renewable energy na makikita online.

21175 Main St, Carson CA 90745 (.68 MW) (District 1)
2201 E Dominguez, Carson CA 90810 (1.32 MW) (District 3)
20500 Fordyce Ave, Carson CA 90810 (1.38 MW) (District 3)

Bilang inyong Mayor, nasasabik akong itaguyod ang mga groundbreaking at mahahalagang proyektong ito! Sinusuplayan ng mga solar panel ang paglalakbay ng ating Lungsod para sa isang mas malinis, maganda, at mas matatag na Lungsod. Kaayon ang mga proyektong ito ng isa sa aking bagong anim na inisyatibo. "Innovation at Clean Energy Hub (Hub ng Inobasyon at Malinis na Enerhiya)": Ang aktibong pakikilahok sa pagbuo ng mga proyekto ng malinis na enerhiya ay tumutulong para matiyak na ang ating komunidad ay may malakas na boses sa pagtukoy sa kinabukasan ng ating enerhiya. Salamat sa Prologis Team (Grupo ng Progolis)! at pakinggan natin ang ilang mensahe mula kay Natasha Keefer, Pinuno ng Origination (Pinagmumulan) at Power Marketing (Pagbebenta ng Enerhiya)

Noong nakaraang taon, nagbahagi ako ng mga plano para sa 20 Tesla supercharger sa Carson Event Center. Simula noon, nagkaroon ng makabuluhang pagbabago, ang mga supercharger na ito ay susuporta na ngayon ang lahat ng klase at modelo ng mga de-kuryenteng sasakyan. Handa

na ngayon ang Carson na tumanggap ng pinakabagong modelo ng Supercharger, ang V4, isa sa mga una sa California. Pinopondohan ng Tesla ang proyektong ito, na nagbabayad ng gastos sa disenyo, konstruksiyon, at pagmamanatini para sa susunod na 15 taon.

Sa pagsisikap natin, may karagdagang 128 charging port na pinaplano sa 11 lugar na pag-aari ng lungsod. Nag-apply din tayo para sa programang SCE Transportasyong May Karga Na at nakatakdang makatanggap ng 4 na bagong charging station ng EV na gagamitin para suportahan ang ating mga bus na de-kuryente sa hinaharap.

Aktibo nating ginagawa ang iba pang proyekto sa pag-charge ng EV, at sa pagtatapos ng 2024, inaasahan nating magkakaroon ng humigit-kumulang 160 charging station ng EV na matatagpuan sa mga pasilidad ng Lungsod. Ang mga proyektong ito ay pinaplano at ipinapatupad na may kaunti o walang gastos sa Lungsod.

Ngayon, pag-usapan naman natin ang isang inisyatibo na magpapaganda ng ating kinabukasan. Ang tinutukoy ko ay ang dalawang Pasilidad na Imbakan ng Baterya, isa sa Distrito 1 at isa sa Distrito 4. Sa pamamagitan ng pagbabalanse ng suplay at demand ng kuryente, tumutulong ang mga pasilidad na ito sa grid stability at resilience... Maaari silang magbigay ng karagdagang kuryente sa panahon ng mataas na demand at makakatulong na maiwasan ang mga blackout. Naaayon ito sa aking "Innovation and Clean Energy Hub (Hub ng Inobasyon at Malinis na Enerhiya) na inisyatibo" at ipinapakita ang aming dedikasyon sa makabago at malinis na solusyon sa enerhiya.

Gusto kong ipakilala si Kevin Smith, CEO ng Arevon, na magbabahagi ng higit pang detalye tungkol sa $350 milyong dolyar na pamumuhunan sa Lungsod ng Carson.

Ipinagmamalaki kong ibahagi kung paano malapit nang maging mata sa himpapawid ang mga drone. Gumawa ang Lungsod kamakailan ng isang malaking hakbang nang aprobahan nito ang isang bagong patakaran at mga alituntunin na nagpapahintulot sa responsableng paggamit ng drone sa loob ng Lungsod. Pangarap ko ang maayos na paggamit ng mga drone, na maaaring magpahusay sa mga serbisyo ng lungsod at ng kaligtasan. Hindi lang lumalaki ang Carson; kami ay nagbabago, na may mahalagang pokus sa abot-kaya at mabilis ng internet at digital na pagtutulungan.

Napakahalaga na suriin ang pangangailangan ng ating komunidad, tukuyin ang mga pagkukulang, at samantalahin ang mga pagkakataon para mapabilis ang Internet at kaugnay na imprastraktura. Kaya naman nagpasimula kami ng komprehensibong pag-aaral sa pagsusuri ng broadband. Sa pamamagitan ng pagtukoy at pagtugon sa mahalagang mga salik na ito, naglalatag kami ng pundasyon para sa isang mas konektadong lungsod. Sa darating na mga

linggo, tatalakayin ng konseho ng lungsod ang panandalian at pangmatagalang solusyon para tugunan ang mga hamon sa imprastraktura at ipatupad ang mga patakaran at programa at suportahan ang pagsisikap na ito. Sama-sama nating buoin ang isang komunidad kung saan walang mapag-iiwanan sa digital age.

Ipinagmamalaki ko na kilalanin ang mga pagsulong kamakailan sa pangangalaga sa kapaligiran ng ating lungsod. Noong Disyembre, natanggap ng Lungsod ang gold-level na parangal sa enerhiya mula sa South Bay Energy (Enerhiya ng Timog na Gulpo) and Climate Recognition Program (Programa sa Pagkilala sa Klima). Makikita rito ang aming patuloy na dedikasyon sa pagtitipid ng enerhiya, pagbabawas ng mga greenhouse gas emission, at pagtanggap ng solusyon sa renewable na enerhiya.
Sa larangan ng pag-unlad ng ekonomiya, nakapokus kami sa pagpapaunlad ng maayos na kapaligiran sa negosyo. Natutuwa akong makita na matapos ang malalaking development na nagbibigay ng pagkakataon sa lahat.

Sa nakalipas na 3 taon, talagang nagtulungan ang Carson na sinuportahan ng mga lokal na negosyo, developer, pinuno ng lungsod, ang THE Economic Development Commission (ANG Komisyon ng Pag-unlad ng Ekonomiya), at mga miyembro ng komunidad... para gawin ng aming kauna-unahang Economic Development Strategic Plan (Estratehikong Plano sa Pag-unlad ng Ekonomiya). Tunguhin naming gumawa ng isang kapaligiran kung saan umuunlad ang pagkamalikhain, lumalaki ang mga negosyo, at nakikinabang ang ating buong komunidad. Nagplano tayo ng pitong bagong inisyatibo para tumulong dito. Kahit na inihalal tayo bilang isa sa top 5 na "pinaka-business-friendly" na lungsod, gusto kong manalo ang Carson ng pinakamalaking premyo.

Noong Hulyo 2023, gumawa tayo ng isang malaking hakbang para mapahusay ang mga serbisyo ng lungsod.  Kinuha natin ang TransTech para maging kawani ng Building and Safety Division ng Lungsod. Nang idagdag natin ang TransTech, sinimulan namin ang tunguhin natin na 'Streamline Carson' – isang programa para matiyak na sumasabay ang bilis ng pag-unlad ng ating lungsod sa ating ambisyon.

Ang kahusayan na ito ay makikita sa totoong mga numero. Halimbawa, ang Building and Safety Services (Mga Serbisyo ng Gusali at Kaligtasan) ay nakakita ng mga malaking bawas sa dami ng panahong kinakailangan sa pagsusuri ng mga plano.  Sa loob lang ng mahigit dalawang buwan, nagbigay ang TransTech ng 314 na permit at nagsuri ng 164 na plano. Salamat kay Konsehal Rojas sa pagrekomenda ng pagbabagong ito.

Ngayon, gusto kong ipakilala sa inyo si Melissa Demirci na kumakatawan sa TransTech.

Habang pinaplano natin ang isang maunlad na kinabukasan, kilalanin natin ang pundasyon ng ating lokal na ekonomiya — ang ating maliliit na negosyo. Sa pamamagitan ng Programa ng Gawad sa Maililit na Negosyo sa Lungsod ng Carson, na salig sa American Rescue Plan Act (Batas sa Pagsagip sa mga Amerikano), nakapagbigay tayo ng tulong sa mga pinakamatinding naapektuhan ng pandemya. Naglaan tayo ng $1.5 milyon para suportahan ang 66 na maliliit na negosyo na may grant mula $5,000 hanggang $25,000 na dolyar para tumulong sa kanila na makabangon. Determinado tayong tulungang magpatuloy at umunlad ang bawat maliit na negosyo sa Carson.

Para pagandahin ang mga negosyo ng Carson, inilunsad namin ang Commercial Façade Improvement Program (Programa sa Pagpapaganda ng Komersyal na Espasyo). Sa pamamagitan ng inisyatibong ito, naglaan kami ng $1 milyon mula sa ating Pangkalahatang Pondo, na ang tanging layunin ay baguhin ang mga daanan ng lungsod. Maaaring makatanggap ang mga kuwalipikadong may-ari ng negosyo ng hanggang $25,000 para sa indibidwal na pagpapaganda ng harapan ng tindahan, at hanggang $250,000 para sa mga komersyal na gusaling maraming tenant. Hindi lang ito pagpapaganda; tungkol ito sa paglikha ng mga lugar na nagpapakita ng pagtutulugan natin at pagpapabuti ng kalidad ng buhay.

Lumalaki ang Carson.  Ngayon, nasasabik akong ipakita ang mga pinakabagong kabanata sa kuwento ng ating lungsod. Mula sa makinis at modernong mga linya ng Figueroa Mixed-Use Project (Proyektong Figueroa Mixed-Use) hanggang sa pampamilyang vibe sa Vivian Project (Proyektong Vivian), dinisenyo ang bawat isa na ikaw ang iniisip. Binago namin ang site ng Simbahan ng Avalon at ginawang 30 Condos at binuo rin ang Mga Tuluyan ng Carson, isang 19 na yunit ng tirahan ng ma pamilya.

Ipinagmamalaki din naming ipakilala ang Anastasi, isang 50 yunit na pabayad para sa maraming pamilya, na magpapakilala ng kahulugan ng marangyang pamumuhay. Ang isa pang bagong pag-unlad ay ang Lugar ng Carson... Isang marangyang pagdebelop ng tirahan na binubuo ng 764 na yunit para sa maramihang pamilya.  Kabilang dito ang sampung libong siko kuwadrado ng mga restawran at mahigit isang daan labing isang libong siko kuwadrado na open space.

Hindi magiging posible ang mga proyektong ito kung walang mga developer na gustong mamuhunan sa Carson.  At ngayon, gusto kong ipakilala sa inyo si Jason Illoulian, CEO ng Faring. Carson, maghanda ka dahil talagang mamahalin mo ang lugar kung saan ka nakatira, nagtatrabaho, at naglalaro.

Nagkaroon ng maraming pag-uusap tungkol sa pagdebelop ng 157 ektarya, na binalak na gawing Mall na Bilihan ng Mamahaling Damit.  Bilang inyong mayor, patuloy akong nakikipag-ugnayan

sa mga developer at determinado akong ituloy ang mga kinakailangang hakbang para maisakatuparan ang proyektong ito.

Ngayong taon, mangako tayo na hindi lang tayo mangangarap ng magandang bukas kundi bubuoin din ito gamit ang ating mga kamay. Sama-sama, hindi tayo mapipigilan. Malakas ang estado ng ating lungsod, at sa tulong ninyo, lalo itong lalakas. Para sa ating lungsod, sa ating paglalakbay, at sa isang mas magandang kinabukasan.

Salamat, at pagpalain nawa ng Diyos ang lungsod at ang mga residente
ng Carson.